## Proseso sa Paglipat ng paaralan

Kung sigurado na ang detalye sa paglipat (araw, lugar at paglilipatang paaralan), una sa lahat, ipaalam ito sa kasalukuyang paaralan.

## Lilipat sa loob ng Kawaguchi City

1. Patuloy na mag aaral sa kasalukuyang paaralan

Makipag usap sa kasalukuyang paaralan (Karaniwan, sa pagbabago ng distrito ng paaralan, malilipat ng paaralan.)

2. Kung lilipat sa itinalagang paaralan ng paglilipatang lugar

Makipag ugnayan sa lilipatang paaralan at i-sumite ang 「Enrollment Certificate」o 「Textbook Provision Certificate」 na galing sa dating paaralan.

3. Aplikasyon ng pagbabago sa itinalagang paaralan

Magsumite ng aplikasyon para sa pagbabago sa itinalagang paaralan sa Board of Education and Academic Affairs Division※Mga kondisyon sa pagpapalit sa itinalagang paaralan

## Mula sa Kawaguchi city papunta sa ibang siyudad

Kunin sa paaralan ang lahat ng dokumento tungkol sa paglipat ng paaralan, at isumite sa paglilipatang paaalan.

## Mula sa ibang siyudad papunta sa Kawaguchi City

Lahat ng ibinagay na dokumento ng dating paaralan tungkol sa paglipat sa ibang paaralan ay isusumite sa lilipatang paaralan.

## Mula sa ibang bansa papunta sa Kawaguchi City

Pumunta sa Academic Affairs Division Academic Section kasama ang anak. Dalhin ang pasaporte ng anak. Pagkatapos ng interview sa Academic Affairs Division, isasagawa naman ang interview ng paaralan.

## Papasok sa Pampubliko/ Pribadong Paaralan

Dalhin o ipadala by mail ang 「Enrollment Certificate」o 「kopya ng Student Handbook」ng Pampubliko/Pribadong paaralan sa Academic Affairs Division.